Insert your school crest here

Tell Them From Me student survey:

Information and consent form for parents and carers

Tell Them From Me survey sa mag-aaral:

Impormasyon at form ng pahintulot para sa mga magulang at tagapag-alaga

Mga Mahal na Magulang at Tagapag-alaga

Sa term na ito, ang aming paaralan ay makikibahagi sa *Tell Them From Me (Pakisabi sa Kanila para sa Akin)* na survey sa mag-aaral. Ang survey ay magbibigay sa amin ng mahalagang feedback kung ano ang iniisip ng aming mga mag-aaral tungkol sa buhay-paaralan, kung gaano sila nakatuon sa paaralan at ang iba't ibang mga paraan ng pakikipag-ugnayan sa kanila ng mga guro.

Ang survey ay pinangangasiwaan ng isang independiyenteng kompanya ng pananaliksik na, *The Learning Bar*, na bihasa sa mga survey na nakabatay sa paaralan.

Bukod sa pagbibigay sa aming paaralan ng feedback mula sa aming mga mag-aaral, ang survey ay mayroong mas malawak na layunin. Nagbibigay ito sa Department of Education, sa pamamagitan ng Centre for Education Statistics and Evaluation, ng malinaw na pag-unawa sa kagalingan ng mag-aaral, pakikipag-ugnayan, at mabisang mga gawi sa pagtuturo para sa patuloy na pagpapahusay ng paaralan. Ginagawa ito sa pamamagitan ng paggamit ng hindi pagkakakilanlang mga datos ng mag-aaral mula sa buong NSW.

Ang survey na ito ay **kompidensyal**, at **hindi** matutukoy ng mga kawani sa mga paaralan ang bawat mag-aaral batay sa kaniyang mga tugon.

Upang matiyak ang pagiging kompidensyal, ang mga kalahok na mag-aaral ay makakatanggap ng natatanging username at password. Iuulat lamang ang impormasyon kung may lima o mas marami pang mga mag-aaral na sumagot sa isang tanong. Lahat ng impormasyon ay hahawakan ayon sa nauugnay na batas sa pagkapribado. Ang personal na impormasyon ng mga mag-aaral ay **hindi** isisiwalat ng kagawaran sa sinumang tao o anumang lupon maliban kung ipinag-uutos ng batas. Bawat mag-aaral ay hindi makikilala sa anumang paglalathala.

Ang survey ay online, tumatagal ng 15 hanggang 30 minuto, at magaganap sa paaralan sa oras ng pasukan. Tatanggap kami ng ulat tungkol sa resulta ng survey sa aming paaralan pagkatapos makumpleto ng aming mga mag-aaral ang survey.

Ang pagsali sa survey ay **kusang-loob**. Kung may anumang mga tanong sa survey na nakakailang sa iyong anak, maaaring lakdawan ng iyong anak ang tanong o maaaring anumang oras piliin na ihinto ang survey.

Kung **ayaw mong makilahok ang iyong anak/mga anak** sa survey, mangyaring sulatan ang kalakip na form at ibalik ito sa paaralan sa delete and insert date of return

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa survey at sa pananaliksik ay makukuha sa Ingles sa education.nsw.gov.au/ttfm

delete and insert name of principal

Punong-guro

delete and insert name of school

Tell Them From Me Student Survey non-consent form
Tell Them From Me Survey sa Mag-aaral na form ng pahintulot

Kung **ayaw mong makilahok ang iyong anak** sa survey sa feedback ng mag-aaral, mangyaring lagdaan ang form na ito at ibalik ito sa paaralan sa delete and insert date of return

HINDI AKO nagbibigay ng pahintulot na makilahok ang aking anak/mga anak sa ***Tell Them From Me*** **survey ng mag-aaral.**

Pangalan ng mag-aaral 1	Roll class ng mag-aaral 1
Pangalan ng mag-aaral 2	Roll class ng mag-aaral 2
Pangalan ng mag-aaral 3	Roll class ng mag-aaral 3
Pangalan ng mag-aaral 4	Roll class ng mag-aaral 4

Pangalan ng magulang/tagapag-alaga

Lagda ng magulang/tagapag-alaga

Petsa